# Sasaklawin Ni Kamala Harris Ang Pangangalaga Ng Mga Nakatatanda Sa Tahanan

HARRIS WALZ

Inalagaan ni Vice President Harris ang tumatanda niyang ina at batid niya ang pinansyal at emosyonal na hirap na maaaring idulot nito sa mga pamilya.

Palalakasin ng administrasyong Harris-Walz ang Medicare para masaklaw ang pangangalaga ng mga nakatatanda sa kanilang mga tahanan, na makatipid ng pera ang mga pamilya at maiiwasan ang pagpasok sa kanila sa mga nursing home. Ito ay bilang karagdagan sa pagsaklaw ng mga benepisyo ukol sa paningin at pandinig para matulungan ang mga nakatatanda na mamuhay ng nakapag-iisa ng mas matagal.

**Patakaran ng Harris-Walz: Sasaklawin ang Pangangalaga ng mga Nakatatanda sa Tahanan**

Naglatag ng mga makasaysayang panukala si Bise-Presidente Kamala Harris para matugunan ang mga paghamon na hinaharap ng napakaraming pamilyang Asian-American at halos isang-kapat ng mga Amerikano na kabilang sa tinatawag na "sandwich generation" – mga taong nagbibigay ng intergenerational na pangangalaga ng mga bata at mga matandang magulang o mahal sa buhay na may mga kapansanan.

**Itong pag-aalaga sa mga nakatatandang magulang ay isang kabigatan na nadarama ng maraming mga Asian-American dahil mahigit isang kapat (27%) sa kanila ay naninirahan sa mga multigenerational na sambahayan.**

- Ayon sa isang pag-aaral ng AARP, 73% ng mga Asian American at Pacific Islander – higit sa anumang lahi o grupong etniko – ang naniniwala na ang pag-aalaga sa mga nakatatandang magulang ay inaasahan na gagawin nila.
- Ang mga Asian American ay mas malamang kaysa sa ibang grupo na mangasiwa sa pag-aalaga ng kanilang mga nakatatanda - sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga doktor, pag-ambag sa pananalapi, o pag-aasikaso sa mga papeles o bayarin.

**Lalo pang nagiging kritikal ang pagsuporta sa mga nakatatandang Asian American dahil, bilang demograpikong grupo, sila ay mabilis na lumago, at marami sa kanila ang walang mapagkukunang pinansyal para magbayad para sa kanilang pangangalaga.**

- Ang mga nakatatandang Asian American ay mas mahirap sa karamihan ng mga nakatatandang Amerikano at nakakaranas ng tumataas na bilang ng kahirapan pero madalas silang naiiwan sa pambansang pag-uusap tungkol sa karukhaan.
- Malaki ang nasasaklaw ng mga bilang ng karukhaan sa mga nakatatandang Asian American na may edad 65 at higit pa sa hanay ng iba't ibang mga etnikong subgroup - ngunit nakakaapekto sa malawak na bahagi ng ating mga komunidad.

**Para sa mga Asian American na naninirahan sa "sandwich generation," ang paghahanap ng mag aalaga sa mga mahal nila sa buhay ay maaaring lumikha ng malaking pinansyal at emosyonal na hirap. Dahil dito, iminungkahi ni Vice-President Harris ang isang makasaysayang plano para saklawin – sa unang pagkakataon – ang pangangalaga sa tahanan ng mga nakatatanda sa pamamagitan ng Medicare.**

Palalakasin ng panukala ni Harris ang Medicare para saklawin ang mga serbisyo sa pangangalaga sa tahanan at suporta para sa mga nakatatanda – pagpapababa sa mga gastos nila at sa kanilang mga pamilya, pagbibigay-daan sa kanila ng mga paninirahan na may dignidad, at pagpapagaan sa stress at pasaning emosyonal na kadalasang nauugnay sa pangangailangang humingi ng tulong para sa pag aalaga ng mga mahal nila sa buhay sa mga pasilidad. Iaanunsyo rin niya ang pagsaklaw ng Medicare para sa paningin at pandinig upang matulungan ang mga nakatatanda na mamuhay ng nakapag-iisa ng mas matagal.

- Sentido-kumon lang ito: nakatitipid ito ng pera mula sa mga pagpapa-ospital at mas mahal na pangangalaga ng institusyon, habang pinapalakas ang ekonomiya dahil maaaring magtrabaho ang mga tagapag-alaga ng pamilya kung kailangan nila.
- Pinaghuhugutan ng mga plano niya ang mga pinakamahusay na kagawian ng mga Medicare plan pati na rin sa pribadong sektor, pinagsama-sama

ang mga pampubliko at pribadong inobasyon para mabigyan ng access ang mga care worker ng mas magandang sahod. Mapapabuti rin ang kalidad ng kanilang pangangalaga.

- Susuportahan din ng kanyang plano ang mga caregiver sa pamamagitan ng pagbigay ng mas matatag na mapagkukunan ng kinikita para mapataas ang kanilang mga sahod.
- Ito ay ganap na mababayaran sa pamamagitan ng pagpapalawak sa mga negosasyon sa presyo ng gamot sa Medicare, pagtaas ng mga diskwento para sa ilang partikular na tatak ng gamot, pag-alis sa mga nakatagong gastos sa Pharmacy Benefit Manager, at iba pang mga hakbang.

**Makatutulong din ang kanyang mga plano sa mga magulang na nagpapalaki ng mga anak.** Nagmungkahi na siya ng pagpapalawak ng mga kredito sa buwis na tumulong na gawing mas abot-kaya ang buhay para sa mga pamilyang may mga anak, kabilang ang pagbibigay ng $3,600 na kaltas sa buwis kada bata para sa mga pamilyang may mga anak at $6,000 na kaltas sa buwis para sa mga pamilyang may bagong silang na anak. At makatutulong siya na makatipid ang mga pamilya ng libo-libong dolyar sa pag aalaga ng bata; tutulungan din ang mga maliit na negosyong child care na lumago at lumawak para lumikha ng mga mabubuting opsyon sa kanila.

**Ang pagbigay ng pangangalaga ay personal na usapin para kay Vice-President Harris** – nagkwento siya tungkol sa sarili niyang karanasan sa pag-aalaga sa kanyang ina noong nakaratay ito dahil sa cancer. Ayon sa kanya, ang pagbigay ng pangangalaga ay tungkol sa pag-ibig at dignidad.

**Ang mga plano ng Bise Presidente na babaan ang mga gastos sa pangangalaga para sa milyun-milyong Amerikano ay malinaw na pagkakaiba niya kay Trump at ang kanyang Project 2025 agenda.**

- Bilang pangulo, sinubok ni Trump na bawasan ang Medicare at Medicaid sa bawat isa sa mga budget niya, nanawagan siya na itaas ang edad ng pagretiro sa 70, at sinabi niya na ang pagsasapribado ng Medicare ay lilikha ng isang "mas malakas na sistema."
- Ipinagkait niya sa milyun-milyong pamilya ang buong kredito sa buwis ng bata at sinubok niyang bawasan ang pederal na pondo para sa pangangalaga ng bata nang halos $100 milyon.
- Sa katunayan, itataas ng kanyang Project 2025 agenda ang gastos ng mga pamilya nang $4,000 sa isang taon.



PAID FOR BY HARRIS FOR PRESIDENT